
# Ang Buhay ni Marie Curie

## Isang babae ng agham


Ipinanganak si Marie Curie sa Warsaw, Poland noong ika-7 ng Nobyembre, 1867. Kilala siya noon sa pangalang Marya Sklodowska. Nag-aral siya sa Sorbonne University sa Paris, France. Dalawampung-taon pa lamang noon tumatanggap ng mga estudyanteng babae ang Sorbonne. Tinupad niya ang isang pangarap na noon ay hindi pa naiisip para sa isang babae – ang maging siyentipiko. Natuklasan niya ang radioactivity nang matapos ang kaniyang Master's degree sa Physics noong Hulyo, 1896. Noong 1898, natuklasan niya at ng kaniyang asawang si Pierre Curie ang dalawang bagong elemento na Polonium (Po) at Radium (Ra), na lubhang napakahalaga sa larangan ng siyensya.



Mga tala nina Pierre at Marie Curie sa pagsukat ng radium noong 1902.© © Musée Curie


## Dalawang Nobel Prize

Noong 1903, tumanggap siya ng Nobel Prize sa Physics kasama ang kanyang asawa at si Henri Becquerel. Siya ang kauna-unahang babae na nakatanggap ng ganitong karangalan na ipinagkakaloob sa mga pinakamahuhusay na siyentipiko. Noong 1911, tumanggap siya ng Nobel Prize sa Chemistry. Siya ang kauna-unahang tao na nakatanggap ng dalawang Nobel Prize.



Sina Pierre at Marie Curie sa kanilang laboratoryo sa rue Cuvier, 1904. © Musée Curie

## Isang pangkatang-pagtuturo




Cover of «Leçons de Marie Curie», © éditions EDP Sciences

Noong 1907-08, naglunsad si Marie Curie at ang kanyang mga kaibigan ng isang orihinal na paraan ng pagtuturo na tinawag na pangkatang-pagtuturo. Dahil sa pagnanais niyang ibahagi ang kanyang kaalaman sa Physics, iniakma niya sa kakayahan ng mga bata ang mga hands-on na gawain at experiment upang maintindihan nila ang mga batayang prinsipyo at batas ng Physics. Makikita rito ang kanyang husay sa pagtuturo.

## Ang mga Munting Curie

Noong 1910, nagtrabaho siya sa Radium Institute at doon napagbuti ang mga pamamaraan sa paggamot ng kanser sa pamamagitan ng radiotherapy. Noong sumiklab ang Unang Digmaang Pandaigdig, ipinamalas ni Marie Curie ang kanyang hangaring makatulong. Sa pamamagitan ng kanyang marubdob na malasakit, nag-organisa siya ng mobile X-ray service vans na binansagang mga Munting Curie. Nakapag-X-ray ang mga Munting Curie ng milyong sugatang sundalo.




©La Poste






Si Marie Curie habang nagtuturo sa School of Arts and Metiers noong 1924. © Musée Curie

## Isang babaeng mapagmahal

Noong panahon ng digmaan, naging katulong niya ang kanyang anak na si Irene. Nagkamit din ang anak niya ng Nobel Prize sa Chemistry noong 1935.



Si Marie Curie at ang kanyang anak na si Irene sa Radium Institute noong 1923.© © Musée Curie

Noong 1930, naging bahagi siya sa pagtatag ng Marie Curie High School - isang paaralan para sa mga batang babae sa bayan ng Sceaux, kung saan siya nakatira.

Noong Hulyo 1934, namatay sa leukemia si Marie – pagod na pagod, halos bulag at sunog ang mga daliri dahil sa radium.

Hanggang ngayon, itinuturing siyang isa sa mga pinakadakilang siyentipiko sa kasaysayan ng mundo. Noong 1995, bilang parangal at pagpupugay, inilipat ang kanyang labi sa Pantheon Paris. Ito ang himlayan ng mga bayani at magigiting na tao sa France.

Pagtatanghal-Pagsasanay